Gardens of
Golden Gate Park

Conservatory of Flowers
Japanese Tea Garden
San Francisco Botanical Garden

magnificent MAGNOLIAS

HIGHLIGHTS WALK 2023

Humanga sa mga tanawin at mababangong amoy sa mga sanga ng higit sa 200 matitikas na puno, habang namumulaklak ang mga malasutlang kulay-pilak na usbong at bulaklak na kasinglaki ng platito na kulay-rosas, puti at magenta sa palaging nakamamanghang taunang pagsibol sa Botanical Garden.

Mula sa Asya at ng Amerika, *ang mga Magnolia* ay sinaunang namumulaklak na mga puno na hinahangaan ng mga tao simula pa noon. Dito sa malamig at mahamog na San Francisco, nagpapalaki kami ng mga sari-saring uri mula sa halos lahat ng kanilang hanay, mula sa mga gubat ng Himalayas na naaapektuhan ng tag-ulan at may katamtamang klima hanggang sa mga maulap na gubat ng Mesoamerica.

Sa iyong pagbisita, tiyaking huminto sa Bookstore at Tindahan ng Halaman ng Garden para sa mga espesyal na item ng Magnolia.

Ikinalugod ang mga Magnolia? Ipagpatuloy ang paggalugad sa Gardens of Golden Gate Park! Magpainit sa Konserbatoryo ng Mga Bulaklak at maranasan ang mapayapang Hardin ng Tsaa ng Hapon na may Gardens Pass–walang limitasyong mga pagbisita sa Gardens sa loob ng tatlong araw sa may diskuwentong presyo! Bumili onsite o online ngayon.

Bisitahin ang website para sa kompletong listahan ng mga programa at kaganapan na nagdiriwang ng kahanga-hangang pamumulaklak na ito!

sfbg.org



Hanapin ang mga **KULAY-ROSAS NA KARATULA** sa Garden para makilala ang mga tampok na halaman. Maaari mo ring i-scan ang mga QR code sa karatula para sa dagdag na impormasyon at mga larawan.

1. *Magnolia laevifolia* 'Strybing Compact'
2. *Magnolia campbellii* 'Darjeeling'
3. *Magnolia dawsoniana*
4. *Magnolia sharpii*
5. *Magnolia macrophylla* var. *dealbata*
6. *Magnolia liliiflora*
7. *Magnolia* × *soulangeana* 'Rustic Rubra'
8. *Magnolia campbellii*
9. *Magnolia denudata*
10. *Magnolia campbellii* 'Strybing White'
11. *Magnolia doltsopa*
12. *Magnolia garrettii*
13. *Magnolia* × *alba*
14. *Magnolia grandiflora*
15. *Magnolia* × *veitchii*
16. *Magnolia campbellii* 'Late Pink'
17. *Magnolia sprengeri*
18. *Magnolia zenii*
19. *Magnolia amoena*
20. *Magnolia stellata* 'Rosea'

SAN FRANCISCO RECREATION & PARKS

TUNGKOL SA MAGNIFICENT MAGNOLIA GARDEN COLLECTION

Noong taglamig ng 1940, nagbago ang horticultural na kasaysayan sa bagong bukas na San Francisco Botanical Garden nang unang mamulaklak mula sa mga kauri nito ang kakaibang hugis-tasa at platito na magnolia (*Magnolia campbellii*) sa Estados Unidos. Marami ang nagtipong sabik at natutuwang bisita na naghintay sa mahahabang pila para makita ang nakamamangha, malaki, at kulay-rosas na mga usbong ng sikat na *Magnolia* na ito na makikita pa rin sa Garden ngayong araw (mapa #8). Simula pa lamang iyon. Ang Garden ay tahanan na ngayon ng higit sa 200 *Magnolia*—karamihan ay bihira at makasaysayan. Kabilang sa kasalukuyang koleksyon ng Garden ang 53 uri 41 cultivar, at 6 na hybrid. Ang koleksyong ito ay isa sa pinakamahalagang koleksyon para sa mga layunin ng konserbasyon sa Estados Unidos. Basahin ang higit pa tungkol sa mga pinakainiingatang uri ng Garden at magsaya!

1 *Magnolia laevifolia* 'Strybing Compact' – Pinili rito sa San Francisco Botanical Garden ang cultivar na ito ng *Magnolia laevifolia* dahil sa siksik na anyo nito. Habang mas parang palumpong ang 'Strybing Compact', maaaring lumaki ang ligaw na *Magnolia laevifolia* nang hanggang 3 metro ang taas.

2 *Magnolia campbellii* 'Darjeeling' – Pinaniniwalaan ng marami na ito ang pinakanakakamangha sa lahat ng Magnolia na umuusbong sa Garden, nagmula ang likhang Himalayan na ito sa isang puno sa Lloyd Botanic Garden sa Darjeeling, India. Naghahandog ito ng magarang bulaklak na malalim na rosas ang kulay na tumutubo sa mga sangang walang dahon na parang dramatikong pagtatanghal.

3 *Magnolia dawsoniana* – Mula sa Tsina ang nanganganib na mawala na Magnolia na ito, at ipinangalan ito mula sa superintendente ng Arnold Arboretum ng Harvard University na si Jackson Thornton Dawson. Mayroon itong malalaking kulay-rosas na bulaklak na lumalaylay sa paglipas ng panahon at nagmimistulang banderang umiihip sa hangin.

4 *Magnolia sharpii* – Mahahanap lamang ang nanganganib na mawalang Magnolia na ito sa limang lokasyon sa mga maulap na gubat ng Chiapas, Mexico. Nanganganib ang limitadong tirahan nito dahil sa mga gawain ng tao tulad ng pagtotroso at agrikultura.

5 *Magnolia macrophylla* var. *dealbata* – Karaniwang tinatawag na bigleaf magnolia, naaangkop ang pagbanyag sa katutubong ito ng Mexico, dahil maaaring lumaki nang hanggang sa 30 pulgadang haba ang malalaking dahon nito. Kulay-krema ang mga bulaklak na may manamis-namis na amoy. Isa ito sa ilang magnolia sa garden na karaniwang namumulaklak sa mga buwan ng tag-init.

6 *Magnolia liliiflora* – Katutubo sa Tsina, karaniwang lumalaki nang 8 hanggang 12 talampakang taas at lapad ang siksik, bilugan, parang palumpong, at nangungulag na Magnolia na ito. Hugis-kopa o lily, ang mga bulaklak na kulay-lila at kulay-rosas ay umuusbong sa tagsibol sa panahon ng, o ilang sandali bago ang, pagtubo ng dahon. Tumutukoy ang partikular na pagbanyag na *liliiflora* sa mga bulaklak nitong katulad ng lily.

7 *Magnolia* × *soulangeana* 'Rustica Rubra' – Taong 1820 noong ipinagsama ni Etienne Soulange-Bodin ang *M. denudata* at *M. liliiflora* para likhain ang napakatanyag na *M.* × *soulangeana*. Simula noon, nagkaroon ng maraming seleksyon mula sa hybrid na nagresulta sa iba't ibang cultivar kabilang ang 'Rustica Rubra,' isang Dutch na clone na ginawa sa katapusan ng ikalabinsiyam na siglo sa Boskoop. Ang mapula at kulay-lila na mga bulaklak, na puti sa loob, ay may klasikong hugis-kopa.

8 *Magnolia campbellii* – Ang indibidwal na ito ang pinakaunang *Magnolia campbellii* na namulaklak sa Estados Unidos. Itinanim ito noong 1924 sa Garden ng unang Direktor ng Garden, si Eric Walther, at una itong namulaklak pagkaraan ng 17 taon noong 1940. Karaniwang tinatawag na tasa at platitong magnolia, ang katutubo ng Himalaya na ito na may malalaki at mabangong bulaklak na maaaring may kulay mula sa puti hanggang sa mga klase ng maliwanag hanggang sa maitim na rosas.

9 *Magnolia denudata* – *Ang M. denudata* ang may pinakamatagal na nalalamang kasaysayan ng pagtatanim kumpara sa lahat ng magnolia, simula pa noong Dinastiya ng Tang (618 C.E.). Tinatawag na "yulan" o "jade orchid" ng mga Tsino, ang katangi-tangi at mabusilak na puting bulaklak nito ay bantog sa mga sinaunang burda, sulatin, at porselana ng mga Tsino sa mga eksena ng kanayunan. Ito ang unang mga urii ng Magnolia mula sa Silangan na dinala sa kanlurang mundo nang dalhin ito mula sa Tsina patungong Inglatera noong 1780.

10 *Magnolia campbellii* 'Strybing White' – Ang pinakamalaking Magnolia sa Garden, ang 'Strybing White' ay may taas na mahigit sa 80 talampakan. Pinalaki ang espesyal na puting anyo na ito mula sa binhi na binili sa India noong 1934, pinatubo ito sa Golden Gate Park Nursery, at itinanim ito rito noong 1940.

11 *Magnolia doltsopa* – Isang evergreen Magnolia, ang karaniwang tinatawag na "sweet michelia" na unang nadiskubre malapit sa Kathmandu, Nepal noong 1803. Humigit-kumulang 6 na pulgada ang lapad ng mga napakabangong puting bulaklak, mula sa malasutlang kulay-kapeng usbong. Kadalasang pinapatubo ang mga uring ito bilang puno sa kalye sa Bay Area.

12 *Magnolia garrettii* – Katutubo sa isang maliit na lugar ng katimogang Yunnan, Tsina, at hilagang Vietnam at Thailand, ang *Magnolia garrettii* ay isang mabilis na lumalagong evergreen na Magnolia na may malalim na kulay-rosas hanggang lila na mga bulaklak. Kamakailan lang ipinakilala sa horticulture, unang ipinakilala ang mga uring ito sa mga koleksyong pang-horticulture sa Austria noong dekada 1990.

13 *Magnolia* × *alba* – May malalim na mababangong bulaklak ang magandang subtropical na punong ito na may katas na ginagamit bilang pangunahing sangkap sa ilan sa mga pinakamahal na pabango sa mundo. Pinagsama sa pagitan ng dalawang Asyanong mga uri ang *M. champaca* at *M. montana*, ang hybrid na ito.

14 *Magnolia grandiflora* – Isang sikat na ornamental sa buong mundo ang katimogang magnolia, na pinahahalagahan dahil sa malalaki at mababangong bulaklak at makintab na evergreen na mga dahon. Isa sa kakaunting uri ng *Magnolia* ang *Magnolia grandiflora* na katutubo ng Hilagang Amerika.

15 *Magnolia* × *veitchii* – *Ang M.* × *veitchii* ay isang nangungulag na magnolia, ibig sabihin ay pana-panahong nawawala ang mga dahon nito. Pinagsama ito sa pagitan ng *M. campbellii* at *M. denudata*, na orihinal na nilikha ni Veitch noong 1907. Pinili ang mga magulang na halaman dahil sa kagandahan ng kanilang pamumulaklak at pangkalahatang tibay.

16 *Magnolia campbellii* 'Late Pink' – Ipinakilala sa Garden mula sa binhi na binili noong 1934 mula sa G. Ghose and Co. sa Darjeeling, India, naglalarawan ang pangalang 'Late Pink' sa kung paano lumalabas ang mga bulaklak ng Magnolia na ito nang mas huli nang 2 hanggang 4 na linggo kumapara sa iba pang *M. campbellii* na uri sa aming koleksyon.

17 *Magnolia sprengeri* – Katutubo sa mga kagubatan ng gitnang Tsina ang nangungulag na mga uri ng Magnolia na ito, kung saan natagpuang may taas na hanggang 21 metro ang malalaking uri. Lumalabas ang mga kulay-rosas na bulaklak nito bago umusbong ang mga dahon at may mahalimuyak na bango ito.

18 *Magnolia zenii* – Ang pinakabihirang Magnolia sa Garden at naka-red list sa IUCN bilang kritikal na nanganganib na mawala, tanging ilang dosena lamang ng mga halamang ito ang natagpuan noong unang inilarawan ang mga uring ito sa Tsina noong 1931. Noong 2014, 18 indibidwal lang ang kilalang lumaki sa kagubatan sa hilagang dalisdis ng Mount Baohua, kung saan protektado ang mga ito sa isang botanikal na reserba.

19 *Magnolia amoena* – Unang inilarawan ang mga uring ito mula sa isang indibidwal na natagpuan sa Mt. Hwang ng Tsina noong 1933. Ang pangalan ng mga uri na *amoena* ay Latin para sa maganda o kaaya-aya. Regalo ang partikular na punong ito mula sa Shanghai Botanical Garden at ibinigay ito sa Garden ng dating Alkalde na si Diane Feinstein noong 1982.

20 *Magnolia stellata* 'Rosea' – Ang pangalan ng mga uri, *stellata*, ay nangangahulugang bituin. Karaniwang puti ang bulaklak ng mga uring ito at may makikitid na talulot ang mga ito na bumubuka na parang bituin, may mababangong kulay-rosas na bulaklak ang cultivar na ito ng 'Rosea.'

ANG PAGBABAHAGI AY PAGMAMALASAKIT

Kumuha ng ilang magagandang larawan ng magnolia? I-tag kami at i-share gamit ang #magnificentmagnolias para sa pagkakataong maitampok sa account ng Garden! Sa social media din namin ibinabahagi ang pinakabagong mga update sa pamumulaklak, i-follow kami sa **Instagram** (@sfbotanicalgarden), **Facebook** (@sfbotanicalgarden), and **Twitter** (@SFBGS).

BOOKSTORE AT TINDAHAN NG HALAMAN

Ikalugod ang mga espesyal na aytem ng Magnolia sa Bookstore ng Garden. Bumili ng halaman sa Tindahan ng Halaman at iuwi ang Garden sa iyong bahay!

TUNGKOL SA SAN FRANCISCO BOTANICAL GARDEN

Ang San Francisco Botanical Garden ay isang buhay na museo sa loob ng Golden Gate Park, na nag-aalok ng 55 acre ng parehong mga tanawing halamanan at bukas na espasyo, at nagtatampok ito ng 8,000 magkakaibang uri ng halaman mula sa iba't ibang panig ng mundo.

TUNGKOL SA GARDENS OF GOLDEN GATE PARK

Ang Gardens of Golden Gate Park ay isang pampubliko/pribadong pakikipagtulungan sa pagitan ng Departamento ng Libangan at Parke ng San Francisco (San Francisco Recreation & Park Department) at ng San Francisco Botanical Garden Society (isang nonprofit na organisasyong 501c3 na nagnenegosyo bilang "Gardens of Golden Gate Park") para magkasamang patakbuhin ang Konserbatoryo ng Mga Bulaklak, Hardin ng Tsaa ng Hapon, at San Francisco Botanical Garden.

MAGING MIYEMBRO

Suportahan ang Gardens of Golden Gate Park at ikalugod ang magagandang benepisyo buong taon:

- Libreng pagpasok (kasama ang isang bisita) sa Botanical Garden, Konserbatoryo ng Mga Bulaklak, at Hardin ng Tsaa ng Hapon
- 10% Diskuwento sa Tindahan ng Halaman, sa Bookstore, at mga lokal na nursery
- Katumbas na membership sa 345 pampublikong hardin
- May diskuwentong tiket at mga paunang benta para sa mga sikat na programang gaya ng Garden Camp at Holiday Wreath Making

Sumali ngayon hanggang Marso 15 at makakuha ng libreng halaman sa Tindahan ng Halaman (na nagkakahalaga ng $15).

Nagsisimula ang membership sa halagang $70. Mag-sign up sa kiosk o online sa **sfbg.org/membership**.

TIGNAN ANG MGA KAHANGA-HANGANG MAGNOLIA SA IYONG SMARTPHONE

NARITO KUNG PAANO:

1. Buksan ang camera app ng iyong smart phone
2. Itutok ang telepono sa QR code sa may numerong kulay-rosas na label
3. I-tap ang link na lalabas sa iyong screen
4. Matuto nang higit pa tungkol sa bawat tampok na *Magnolia* sa Garden Explorer.